

# UMIIKOT, BINALI

IVAN EMIL LABAYNE

Sa huling araw, ginusto kong pasabugin ang Mt. Pinatubo  
Hanggang ako ang pinasabog ng Mt. Pinatubo sa huling araw.

Gayunpaman, wala akong pinagsisihan sa mga ito  
At ako ang pinagsisihan ng mga ito kaya naman.

Sa tindi ng alimuom, naitago ang mga dapat na itago.  
Hanggang ang mga dapat itago ay naging matinding alimuom.

Nangisay ang bangkay ng awtor  
at lumangoy ako at ikaw, mga mambabasa.  
Hanggang ako at ikaw, mga mambabasa,  
ay naging mga bangkay na nangingisay.

Pumanig ako sa paulit-ulit na pagpapalagay  
Hanggang palagay ko, paulit-ulit na ang aking pagpanig.

Nalusaw ang kasaysayan sa bawat click at tweet  
Hanggang tinweet at nag-click ang pagkalusaw ng kasaysayan.

Binali ko ang mga pag-ikot na ito  
Hanggang umikot ang pagbali  
Huminga ang pagbali  
Tumulak ang pagbali.

Ngayon, ako ikaw nasa dulo na, Lalampas tayo sa pag-ikot-ikot ng tula.